

# MGA LUMULUTANG



## Maging Bayani ng Kapaligiran sa Araw-araw!

ALAMIN, KUMILOS, at ireport ang MGA NANGYAYARI na pwedeng manira sa mga batis, kanal na dinadaluyan ng maruming tubig mula sa mga kabahayan at gusali, at sa dagat.

### ALAMIN:

Ang pinakamadaling makikitang basehan sa kalidad ng tubig ay ang mga lumulutang na basura o kalat sa tubig. Karamihan ng pinanggagalingan ng mga lumulutang na kalat at basura sa tubig ay ang mga kalat sa kalsada katulad ng mga supot na plastik, six-pack rings, sisidlan na styrofoam, at mga plastik na botelya na itinatapon sa lagusan ng tubig, sa mga batis, at sa dagat. Binabarahan ng mga ito ang mga kanal na daluyan ng maruming tubig, at mapanganib sa mga hayup na naninirahan sa tubig kagaya ng mga bibe, isda, pagong at mga ibon; at sinisira nila ang magandang tanawin ng ating yamang tubig at mga tabig dagat.

### KUMILOS:

- Gamitin ang mga basurahan sa mga pampublikong lugar. Magdala ng bag o supot na pwedeng gamiting basuran sa loob ng iyong kotse, trak, o pangkomersyal na sasakyan.
- Huwag iiwan, sa halip ay kunin, ang iyong mga basura sa mga parke at tabing dagat. Isagawa ang 3 R'S: reduce, reuse, recycle, o sa ating sariling wika ay: bawasan, gamitin muli, i-recycle o gamitin ito sa ibang bagay.
- Ilagay sa supot ang iyong basura bago ilagay sa lalagyan ng basura, lalo na ang mga magagaan na pwedeng tangayin ng hangin kung ito'y kukunin na ng mga nangongolekta ng mga basura, kagaya ng mga supot na plastik. Kung mamimili ka ng iyong mga gamit, kung maaari ay gagamit na lamang ng mga supot na yari sa papel o mga supot na pwede mong gamitin hindi sa iisang beses lamang.
- Ilagay ang mga basura at mga mabibigat at malalaking basura sa lugar na kung saan ay kinokolekta ang mga ito sa hindi mas maaga kaysa sa gabi bago sa nakatakdang araw ng pangongolekta ng mga basura.
- Suportahan o ibigay ang tulong sa paglilinis sa iyong komunidad at sa mga iba pang gawain na nakababawas ng mga kalat.

### IREPORT ANG MGA NANGYAYARI SA:

Environmental Concern Line ng Lungsod sa **768-3300** o bumisita sa **[www.cleanwaterhonolulu.com](http://www.cleanwaterhonolulu.com)**

Basehan: Ang mga Rebisadong Ordinansa ng Honolulu, Storm Water Quality Branch ng Lungsod at County ng Honolulu, [http://enr.honolulu.org/solid\\_waste/](http://enr.honolulu.org/solid_waste/), <http://epa.gov/nps/toolbox/>

